DIVISION OFFICE
RELEASED
BY:
NAME:
APR 2016

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 125, serye 2016

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababang Paaralan
Mga guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY,** CESO VI
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **PAGLUNSAD NG AGF-PMA PROGRAM (Baitang 1 at Baitang 2)**
**Angat Gurong Filipino-Paggamit Ng Malaking Aklat (AGF-PMA)**

Petsa: Abril 6, 2016

---

1. Ang Sangay Ng Zamboanga del Norte ay maglunsad ng **Angat Gurong Filipino-Paggamit Ng Malaking Aklat (AGF-PMA) Program** para sa **Baitang 1 at Baitang 2)** simula sa Taung-Panuruan 2016-2017.

2. Ang **AGF-PMA** ay programang naiangkop sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral sa Baitang 1 at 2 kung kailan madali silang mahikayat sa mga malalaki at magagandang larawan at babasahin. Tatagal ng tatlong taon ang implementasyon ng programa.

3. Ang bawat guro ng Baitang 1 at Baitang 2 ay bubuo ng **limang *Big Book*** ng maikling kuwento bawat markahan. Dalawampung Big Book para sa 2016-2017, dalawampu rin para sa 2017-2018 at dalawampu naman sa 2018-2019. Sa loob ng tatlong taon ng pagtuon ng pansin sa pagbuo ng **Big Book** ay mangyaring 60 lahat ang mabuong Big Boook sa isang silid-aralan ng Baitang 1 at 2 tatlong taon mula ngayon.

4. Ang mga maikling kuwento para sa Baitang 2 na isusulat sa gagawing *Big Book* nitong kasalukuyang taon ay naibigay na sa mga lumahok ng Pansangay na Workshap sa Pagbuo ng *Big Book*.

5. Ang guro ng Baitang 1 ay may kalayaang sumulat ng sarili nilang kuwento para sa kasalukuyang taon subalit susunod sila sa mga nakatala na aral na nasa kalakip ng Memorandum.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 125 serye 2016

Ang mga maikling kuwento para sa Unang Baitang na gagamitin sa gawaing panlunas sa pagbasa ay talagang maikli lamang na mayroorn lamang mula apat hanggang pitong pangungusap na maiiksi kung kaya siguradong magawa ng Grade I teacher. Sa kanilang gagawing Big Book ay may malalaking larawan.

Hindi mahagilap sa internet ang ganito kaikling mga kuwento, kaya hinihikayat ang mga guro ng Unang Baitang na bumuo ng kanilang sariling kuwento.

Iminumungkahi ang sumusunod na **aral** na dapat taglay ng mga kuwento para sa ***uniformity of experience*** ng mga kabataan ng buong sangay.

## LISTAHAN NG MGA ARAL NA DAPAT TAGLAY NG MGA KUWENTO PARA SA UNANG BAITANG GAMIT ANG BIG BOOK

1. **Pagiging matapat**
2. **May pananalig sa Panginoon/ Madasalin**
3. **Pagiging mapagbigay**
4. **Mapagparaya para sa kapakanan ng iba**
5. **Matibay ang loob na harapin ang anumang pagsubok sa buhay/Magiting**
6. **Mapagmahal sa kapwa**
7. **Pagiging malikhain**
8. **Maalalahanin**
9. **Pagiging mapagkatiwalaan**
10. **Pagiging masipag**
11. **Mag-aral nang mabuti.**
12. **Pagiging magalang**
13. **Matapat**
14. **Matipid**
15. **Masinop**
16. **Mapagkumbaba**
17. **Pagiging masunurin**
18. **Mapagmahal sa magulang**
19. **Pagiging maagap**
20. **Pagiging malinis**
21. **Masayahin**
22. **Magiliw sa mga panauhin**
23. **Matulungin**

**Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 125 serye 2016**

Ang mga maikling kuwento para sa Ikalawang Baitang na gagamitin sa gawaing panlunas sa pagbasa ay mahagilap lahat sa internet, kaya hindi na kailangang susulat pa ng sariling kuwento ang mga guro ng Baitang 2, subalit kung gustuhin nilang maging *author* ng sariling gawang Big Book ay mas mainam.

Iminumungkahi ang mga sumusunod na kuwento na gagawan ng Malaking Aklat para sa ***uniformity of experience*** ng mga kabataan ng buong Sangay nitong Taung-Panuruan 2016-2017.

Ang mga dumalo sa Pansangay na Workshap sa Pagbuo ng ***Big Book*** ay mayroon ng sipi nito at tungkulin nilang mapalaganap ang kopya sa buong distrito na kinabibilangan nila.

## LISTAHAN NG MGA MAIKLING KUWENTO PARA SA BAITANG 2 NA GAGAMITIN SA PAGBUO NG *BIG BOOK*

1. Ang Plaster Ni Bong
2. Bagong Kaibigan
3. Ang Aso At Ang Kanyang Anino
4. Ang Alitaptap At Ang Paruparo
5. Ang Agila At Ang Maya
6. Ang Madaldal Na Pagong
7. Ang Batang Matulungin At Masunurin
8. Ang Mahiwagang Bulaklak Ng Matandang Babae
9. Ang Lagalag Na Anak
10. Si Ronie Ang Batang Matiyaga, Matulungin,Masipag At Mabait
11. Ang Alamat Ng Maya
12. Ang Pinagmulan Ng Lahi
13. Ang Batang Babae At Ang Uod
14. Ang Bata At Ang Oso
15. Eskuwelang Pinoy
16. Si Prinsipe Apyan
17. Ang Araw At ang Hangin
18. Sugong Kalapati
19. Tikbalang
20. Si Paruparo At Si Langgam